

Kung ikaw ay may positibong pagsusuri ng IGRA

Sa Norway ilang mga grupo ay karaniwang sinusuri para sa tuberkulosis gamit ang pagsusuri ng dugo na IGRA.

Ano ang ibig sabihin ng may positibong pagsusuri na IGRA?

Ang positibong pagsusuri na IGRA ay nangangahulugang ikaw ay nahawahan ng tuberkulosis. Hindi nito ibig sabihin na ikaw ay may sakit. Pinaniniwalaang humigit kumulang sa 1/3 ng populasyon ng mundo ay positibo sa IGRA na walang tuberkulosis, ibig sabihin na sila ay may impeksyong tuberkulosis na nakatago.

Mapanganib ba ang nakatagong impeksyon ng tuberkulosis?

Ang isang tao na may tagong impeksyon ng tuberkulosis ay may mas malaking panganib sa pagkakaroon ng tuberkulosis sa kanyang buong buhay. Humigit kumulang sa 1 sa 20 ay makakaranas nito. Ang pagkakataong magkasakit ay lalong mataas matapos na ikaw ay maimpeksyon, o kung ang iyong sistemang kabal sa sakit ay hindi masyadong malakas dahil sa sakit (halimbawa ang impeksyon na HIV) o paggamot (halimbawa sa kanser). Mayroong mga gamot laban sa tuberkulosis at karamihan na ang ganap na gumaling.

Maaari ba akong makahawa sa iba?

Ang mga taong may tagong tuberkulosis ay walang sakit at hindi makakahawa sa ibang tao.

Nangangailangan ba ako ng paggamot?

Ang paggamot sa paghadlang ay maaaring kailanganin sa ilang mga kaso upang maiwasan ang pagbuo ng tuberkulosis. Ito ay susuriin ng iyong doktor. Ang ganitong uri ng paggamot ay partikular na may kaugnayan sa ibang mga indibidwal, kabilang ang mga kamakailan lang na nahawa, mga bata at mga taong mahina ang sistemang kabal sa sakit.

Mayroon bang anuman na dapat ko pang malaman?

Ang pagkakaroon ng positibong pagsusuri na IGRA ay hindi nangangahulugang kailangan mo nang baguhin ang paraan ng inyong pamumuhay, ngunit kung ikaw ay magkasakit kailangan mong ipaalam sa iyong doktor na ikaw ay positibo sa IGRA /may tagong impeksiyon ng tuberkulosis upang matiyak na matanggap mo ang tamang mga paggamot. Ito ay lalong kinakailangan kung ikaw ay may nabubuonng palatandaan na mga simtomang ng tuberkulosis, kagaya ng:

- o tuluyang pag-ubo (mahigit na sa 3 linggo)
- o tuluyang lagnat
- o pamamawis sa gabi
- o pagbaba ng timbang

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

<http://www.fhi.no/tema/tuberkulose/informasjon-til-pasienter>